COUNTY OF SAN DIEGO
BEHAVIORAL HEALTH SERVICES

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PANG-ASAL (BHS)

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pang-asal ng Medi-Cal

- Plan para sa Kalusugang Pangkaisipan (MHP)
- Sistema ng Organisadong Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal (DMC-ODS)
- Mga Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal (Medi-Cal Managed Care Plans, MCP)
- Linya para sa Access at Krisis **888-724-7240**

TALAAN NG NILALAMAN

Saan Magsisimula **3**

Mga Uri ng Serbisyo ng Medi-Cal para sa Kalusugang Pang-asal **4**

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan ng County **5**

Plan para sa Kalusugang Pangkaisipan (MHP) **5**

Sistema ng Organisadong Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal (DMC-ODS) **....6**

Mga Serbisyo para sa Pangkalahatang Pangangalaga sa Kalusugang Pangkaisipan **7**

Access sa Transportasyon **8**

Alamin ang Iyong Mga Karapatan **9**

Gabay sa Pakikipag-ugnayan **10**

Saan Magsisimula

Kung hindi mo alam kung saan magsisimula, o kailangan mo ng tulong pagkatapos ng mga oras, maaari kang tumawag o makipag-chat online sa **Access and Crisis Line (ACL)**.

- Makakuha ng tulong **24 na oras bawat araw, 7 araw sa isang linggo.**
- Makipag-ugnayan gamit ang **mahigit 200 wika**
- Humanap ng **tulong sa panahon ng krisis**, mga referral para sa serbisyong **pangkalusugang pangkaisipan o may kaugnayan sa paggamit ng substance**, at impormasyon tungkol sa **mga lokal na mapagkukunan ng tulong**.
- I-scan ang QR code sa ibaba, **tumawag sa (888) 724-7240**, o **mag-text sa 9-8-8** upang malaman ang higit pa.

Tumawag sa 888-724-7240

BUKAS ANG CRISIS LINE NANG 24/7

LIVE CHAT
Available tuwing Lunes hanggang Biyernes (4pm-10pm) sa website ng ACL

Walang maling paraan o lugar para humingi ng tulong.
Ang Mga Serbisyo sa Kalusugang Pang-asal ng County ng San Diego at ang Mga Plan ng Medi-Cal para sa Pinamamahalaang Pangangalaga ay nagtutulungan upang matiyak na mayroon kang access sa tamang pangangalaga, sa tamang lugar, at sa tamang panahon.

988 SUICIDE & CRISIS LIFELINE

bit.ly/SDACL

Mga Uri ng Serbisyo ng Medi-Cal para sa Kalusugang Pang-asal

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan ng County

Para sa mga taong may **malubhang sakit sa pag-iisip o mga karamdaman sa paggamit ng substance**. Kabilang dito ang mga komprehensibong plano sa paggamot, therapy, at pamamahala ng kaso.

- Pinamamahalaan ng County ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng isang network ng mga espesyal na provider ng serbisyo para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

Mga Serbisyo para sa Pangkalahatang Pangangalaga sa Kalusugang Pangkaisipan:

Para sa mga taong hindi nakakatugon sa pamantayan para sa espesyal na pangangalaga ngunit nangangailangan pa rin ng suporta para sa **banayad hanggang katamtamang mga kondisyon sa kalusugang pangkaisipan tulad ng stress, pagkabalisa, o banayad na depresyon.**

- Direktang kontakin ang iyong Plan para sa Kalusugan ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal (Medi-Cal Managed Care Health Plan) para sa mga serbisyong ito. Ang bawat plan para sa kalusugan ay may network ng mga provider na sumusuporta sa mga banayad hanggang katamtaman na pangangailangan sa kalusugang pang-asal.

Gabay sa Mga Serbisyo sa Kalusugang Pang-asal

bit.ly/DHCS-Guide

Bisitahin ang Department of Health Care Services Behavioral Health Services Guide o i-scan ang QR code para matuto nang higit pa tungkol sa mga saklaw ng Medi-Cal.

blue california Promise Health Plan

Community Health Group

KAISER PERMANENTE

MOLINA HEALTHCARE

TIP: Hindi sigurado kung anong mga serbisyo ang kailangan mo? Tumawag sa ACL para sa pinakaangkop na referral.

MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN NG COUNTY

Mga May Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan sa Pamamagitan ng Mga Provider ng Plano sa Kalusugang Pangkaisipan ng County:

- **Mga Serbisyo sa Krisis**
  Interbensyon, pagpapatatag, residensyal na paggamot, at mobile na tugon
- **Mga Patuloy na Serbisyo**
  Kalusugang pangkaisipan, suporta sa gamot, pamamahala sa kaso, suporta mula sa kapwa, pang-araw na paggamot
- **Mga Serbisyo sa Pasyenteng nasa Ospital**
  Residential na paggamot para sa matatanda, ospital ng psychiatric at pasilidad ng kalusugan
- **Suporta para sa Mga Kabataan (21 taong gulang pababa)**
  Koordinasyon ng pangangalaga, mga serbisyong nakabase sa tahanan, mga serbisyong therapeutic, at foster care

Bisitahin ang Behavioral Health Services Provider Directory o i-scan ang QR code para sa mga kahulugan at paglalarawan ng mga serbisyo mula sa Medi-Cal Beneficiary & Families Handbook.

Direktoryo ng Mga Provider ng Serbisyo sa Kalusugang Pang-asal

bit.ly/BHSProviders

Handbook para sa Benepisyaryo at Mga Pamilya

bit.ly/BeneficiaryHandbook

MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN NG COUNTY

Mga Serbisyo para sa Sakit sa Paggamit ng Substance sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System Providers ng Country:

- **Maagang Suporta**
  Pagsusuri, maagang interbensyon, konsultasyon sa clinician, koordinasyon ng pangangalaga
- **Pangangalaga sa Pasyenteng Nasa Opsital**
  Mga programang residential na paggamot, masinsinang serbisyo sa pasyenteng nasa ospital
- **Pangangalagang Pasyenteng Wala sa Ospital**
  Mga programa ng paggamot sa narcotic, pamamahala sa pagtigil, pagpapagaling, pagpapayo
- **Mga Serbisyo sa Komunidad**
  Suporta mula sa kapwa, mga manggagawa sa kalusugan para sa komunidad, suportadong trabaho

Bisitahin ang Behavioral Health Services Provider Directory o i-scan ang QR code para sa mga kahulugan at paglalarawan ng mga serbisyo mula sa Medi-Cal Beneficiary & Families Handbook.

Direktoryo ng Mga Provider ng Serbisyo sa Kalusugang Pang-asal

bit.ly/BHSProviders

Handbook para sa Benepisyaryo at Mga Pamilya

bit.ly/BeneficiaryHandbook

PAALALA: Ang mga serbisyo ng county para sa karamdaman sa paggamit ng substance ay bukas sa LAHAT ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

MGA SERBISYO PARA SA PANGKALAHATANG PANGANGALAGA SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN

Mga Serbisyo para sa Pangkalahatang Pangangalaga sa Kalusugang Pangkaisipan sa Pamamagitan ng Mga Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal:

- **Pagsusuri at Paggamot sa Kalusugang Pangkaisipan**
  - Psychotherapy para sa Indibidwal, Panggrupo, at Pampamilya
  - Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan ng Dyadic
  - Pagsusuri sa Sikolohikal/Neurosikolohikal na Kalusugang Pangkaisipan
- **Mga Serbisyo para sa Pasyenteng Wala sa Ospital at Patuloy na Pagsubaybay**
  - Pagsubaybay sa therapy para sa droga
  - Konsultasyong psychiatric
  - Laboratoryo, mga gamot, mga supply, at mga suplemento
- **Pangangalaga sa Pang-emergency na Krisis**
  - Mga departamento ng emergency
- **Pagsusuri at Referral para sa Paggamit ng Substance**
  - Paggamot sa adiksyon sa pangunahing pangangalaga, mga ospital, departamento ng emergency, at iba pang pasilidad na medikal
  - Pagsusuri at suporta para sa mga isyung may kaugnayan sa alak at droga sa klinika ng iyong doktor

blue california Promise Health Plan

Community Health Group

KAISER PERMANENTE

MOLINA HEALTHCARE

Sakop ng mga Mga Plan ng Medi-Cal para sa Pinamamahalaang Pangangalaga (MCP) ang transportasyon patungo sa lahat ng serbisyong saklaw ng Medi-Cal, kabilang ang May Espesyalidad na Kalusugang Pangkaisipan, Drug Medi-Cal Organized Delivery System, at Denti-Cal. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa transportasyon o iba pang mga benepisyo, tulad ng Medi-Cal Rx, Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga, at Mga Suporta sa Komunidad, maaari mong tawagan nang direkta ang iyong MCP provider.

Access sa Transportasyon

Mayroong transportasyon para sa mga serbisyong sakop ng Medi-Cal, tulad ng:

- Mga appointment sa medikal at dental
- Mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan at paggamit ng substance
- Pagkuha ng mga reseta at mga medikal na supply

Tumawag sa iyong plan para sa kalusugan upang mag-iskedyul ng sasakyan.

Transportasyong para sa Medikal na Hindi Pang-emergency

Ang serbisyong ito ay nagbibigay ng transportasyong kinakailangan sa medikal na dahilan gamit ang ambulansya, van na may pang-angat ng wheelchair, o van na may stretcher. Kinakailangan itong ireseta ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan at nakalaan para sa mga miyembro ng Medi-Cal na hindi makagamit ng karaniwang transportasyon dahil sa mga medikal na dahilan.

Transportasyong Hindi Medikal

Ang serbisyong ito ay nagbibigay ng transportasyon para sa mga miyembro ng Medi-Cal at mga buntis na walang ibang paraan upang makapunta sa kanilang mga medikal na appointment. Maaari kang maging kwalipikado kung ikaw ay:

- Walang lisensya sa pagmamaneho
- Walang sasakyang gumagana
- Nangangailangan ng tulong sa pagbiyahe
- May mga limitasyon sa pisikal o pangkaisipan
- Walang pambili ng gasolina

TIP: Upang matiyak ang pagkakaroon ng transportasyon, makipag-ugnayan sa isang provider sa oras na makapag-iskedyul ng appointment. Tingnan ang Gabay sa Pakikipag-ugnayan sa pahina 10.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Mga Reklamo at Apela

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay may karapatang makatanggap ng kinakailangang paggamot para sa kalusugang pangkaisipan o paggamit ng droga sa pamamagitan ng Plan para sa Kalusugang Pangkaisipan at ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo at hindi ka nasisiyahan o hindi sumasang-ayon sa desisyong ginawa tungkol sa iyong paggamot, maaari kang maghain ng reklamo o apela sa pamamagitan ng aming webpage o sa pagtawag sa mga numerong nakalista sa ibaba.

Sentro ng mga Consumer para sa Kalusugan, Edukasyon, at Adbokasiya
Programa sa Pagtataguyod ng Karapatan ng Pasyente Mga Reklamo at Karaingan Mga Serbisyo para sa Pasyenteng Wala sa Ospital
877 734 3258

Jewish Family Service
Programa ng Pagtataguyod ng Pasyente
Mga Reklamo at Karaingan
Pasyenteng Nasa Ospital at Residential
800 479 2233

Kung mayroon kayong mga alalahanin tungkol sa pagsunod sa mga tuntunin, privacy, o seguridad ng impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pagtitiyak at Pagsunod sa Negosyo sa **619-237-8571**.

I-scan ang QR code o bisitahin ang Behavioral Health Services “Your Rights” webpage para sa higit na detalye.

Impormasyon sa Reklamo at Apela

bit.ly/BHSYourRights

PAALALA: Ang tulong na ito ay libre at **HINDI** makakaapekto sa iyong mga benepisyo.

Gabay sa Pakikipag-ugnayan

	Blue Shield CA Promise Health Plan	Pangkat sa Kalusugan ng Komunidad	Kaiser Permanente	Molina Healthcare
Mga Serbisyo para sa Miyembro/ Transportasyon	855-699-5557	800-224-7766	800-464-4000	888-665-4621
Kalusugang Pang-asal	855-321-2211	800-404-3332	833-579-4848	888-665-4621
Linya ng Medikal na Payo sa Telepono	800-609-4166	800-647-6966	800-290-5000	888-275-8750
Mga Serbisyo sa Paningin	855-699-5557	Vision Service Plan 800-877-7195	800-464-4000	March Vision Services 888-463-4070
Medi-Cal Rx	800-977-2273	800-977-2273	800-977-2273	800-977-2273
Denti-Cal	800-322-6384	800-322-6384	800-322-6384	800-322-6384

Ang mga benepisyo sa parmasya para sa lahat ng tumatanggap ng Medi-Cal ay saklaw ng programang Medi-Cal Rx ng Estado: 800-977-2273

Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugang Pang asal ng County
MHP at DMC ODS
Tumawag sa Linya para sa Access at Krisis sa 888 724 7240

Sentro ng mga Consumer para sa Kalusugan, Edukasyon, at Adbokasiya
Programa sa Pagtataguyod ng Karapatan ng Pasyente Mga Reklamo at Karaingan Mga Serbisyo para sa Pasyenteng Wala sa Ospital 877 734 3258

Jewish Family Service
Programa ng Pagtataguyod ng Pasyente Mga Reklamo at Karaingan
Pasyenteng Nasa Ospital at Residential 800 479 2233

PAALALA: May mga serbisyong interpretasyon ng wika na magagamit ang ACL.